Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-57 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-14 NG AGOSTO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 38-2023**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGTATATAG NG *MALOLOS CITY OVERSEAS MIGRANT WORKERS HELP DESK* AT ANG *COORDINATING COUNCIL* NITO SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS AT PAGGAWA RIN NG ISANG *BARANGAY OVERSEAS MIGRANT WORKERS HELP DESK* SA BAWAT PAMAHALAANG BARANGAY NA NASASAKUPAN NG LUNGSOD, PAGTUTUKOY SA MGA TUNGKULIN NITO AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN.**

**AKDA NINA: KGG. THERESE CHERYLL "AYEE" B. OPLE**
**KGG. ABGDO. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. MICHAEL M. AQUINO AT KGG. EMMANUEL R. SACAY**
**KAMAY-AKDA ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** ayon sa Seksyon III ng Artikulo XIII ng *1987 Philippine Constitution,* ang estado ay marapat na magbigay ng proteksyon sa lahat ng manggagawa, lokal man o sa ibang bansa, organisado man o hindi, at pagsusulong ng buo at pantay na oportunidad sa trabaho para sa lahat;

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring *Local Government Code of 1991* na tungkulin ng isang Pamahalaang Lokal na isulong at itaguyod ang kagalingang panlahat para sa pagtatamo ng isang payapa, maunlad at makatarungang lipunan;

**SAPAGKAT,** ayon sa *2021 Survey on Overseas Filipinos (SOF),* ang bilang ng mga *Overseas Migrant Workers* ay tinatayang nasa 1.83 milyon. Ang *Overseas Contract Workers* ay binubuo ng 96.4 (%) bahagdan o 1.76 milyon ng kabuuang bilang ng OFW sa kaparehas na taon, dahilan upang makonsidera silang modernong bayaning Pilipino lalo na sa kanilang tulong sa paglago ng ating ekonomiya;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang pagtatrabaho sa ibang bansa na malayo sa pamilya ay nagdudulot ng maayos na buhay, kaginhawahan sa pinansyal na aspeto at ang kanilang pagtulong sa matatag na paglago ng ekonomiya, kasama narin ang paglinang ng kanilang personal na pag-unlad dulot ng kanilang mga karanasan;

**SAPAGKAT,** ngunit naobserbahan na ang mga pamilyang naiwan ng mga OFWs, kasama na rin ang naninirahan sa Lungsod ng Malolos ay nakakaranas ng *pyscho-social costs of migration* katulad ng *relationship-estrangement, family break up, communication gap, spousal infidelities, estra-marital relationships, early pregnancy and marriage, juvenile delinquency, drug dependency, indication of over dependency to remittances.* Sa kabilang banda, ang ibang *OFWs* ay nakakaranas ng *illegal recruitment*, pagpapalit ng trabaho, mga kaso ng sekswal at pisikal na pang-aabuso, *racial discrimination, exploitation, poor working conditions, non-payment of salaries, trafficking, serious injuries* ang kung minsan pa ay kamatayan;

**SAPAGKAT,** mayroong mga ahensya ng gobyerno ang inatasang humawak ng iba't ibang hinaing ng mga OFWs. Ang *Deparment of Foreign Affairs (DFA)* at ang *Department of Migrant Workers (DMW)* ang siyang humahawak sa mga *criminal cases* ng mga OFWs habang ang *Department of Labor and Employment* (*DOLE*) naman ang tumututok sa mga *labor-related cases;*

**SAPAGKAT,** ang Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 10022 ay nagtatakda sa mga *Local Government Units (LGUs)* katulad ng Lungsod ng Malolos na maging aktibo sa paglaban sa *illegal recruitment* sa pamamagitan ng pagiging pangunahing responsable sa pagpapakalat ng mga impormasyon sa kanilang nasasakupan tungkol sa lahat ng aspeto ng *overseas employment;*

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos ay kinikilala ang mahalagang tungkulin ng iba't ibang sektor na naglalayon at nagbibigay programa at serbisyo para sa lumalapit na *OFWs* at kanilang pamilya. Ito ang isa sa mga nagtutulak upang ang Lokal na Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay tugunan ang mga hinaing at pangangailangan ng mga *OFWs* at ang kanilang mga pamilya at protektahan ang karapatan at maisulong ang kapakanan ng bawat isang Malolenyong OFW;

**SAPAGKAT,** ang pagtatatag ng isang *Malolos City Overseas Migrant Workers Help Desk* at ang konseho nito sa Pamahalaang Lungsod ng Malolos at ng *Barangay Overseas Migrant Workers Help Desk* ay siyang tututok sa mga pangangailangan ng ating mga *Overseas Filipino Workers (OFWs)* at magiging responsable sa paggawa at pagpapatupad ng mga programa at serbisyo na tutugon sa mga pangangailangan at hinaing ng mga OFWs at kanilang mga pamilya;

**AT DAHIL SA MGA NABANGGIT, IPINAGTIBAY** na may bisa ng batas ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa ginanap na pagpupulong nito at marapat na ipatupad ng buong kahusayan at katapatan ang mga sumusunod:

**SEKYON 1. - PAMAGAT -** Ang ordinansang ito ay kikilalanin bilang ***"MALOLOS CITY OVERSEAS MIGRANT WORKERS ASSISTANCE AND PROTECTION HELP DESK ORDINANCE"***

**SEKSYON 2. - KAHULUGAN NG MGA TERMINO -** Para sa layunin ng ordinansang ito, ang mga sumusunod na salita at parirala ay nangangahulugang:

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDUARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III<br>KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO<br>KASANGGUNI |

I. CSWDO – tumutukoy sa *City Social Welfare and Development Department Office* ng Lungsod ng Malolos;

II. CIO – tumutukoy sa *City Information Office* ng Lungsod ng Malolos;

III. DFA – tumutukoy sa *Department of Foreign Affairs;*

*IV. DOCUMENTED MIGRANT WORKERS:*

a. tumutukoy sa mga OFW na nagmamay-ari ng balidong *passport* at *visas* o *permits* upang manatili sa bansa at ang may kontrata sa trabaho na prinoseso ng DMW kung itinatakda ng batas o regulasyon; o

b. tumutukoy sa mga nakarehistrong *Migrant-Workers* at iba pang *Overseas Filipinos Resource Center* o ng embahada.

V. DOLE – tumutukoy sa *Department of Labor and Employment;*

*VI.* DMW – tumutukoy sa *Department of Migrant Workers;*

VII. DTI – tumutukoy sa *Department of Trade and Industry;*

VIII. *MIGRANT WORKER O OVERSEAS FILIPINO WORKER (OFW)* – ang katawagan na ginagamit upang mailarawan ang mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa;

IX. *ILLEGAL RECRUITER* – tumutukoy sa mga hindi lisensyadong tanggapan na nagsasagawa ng transaksyon sa mga kababayan na may kinalaman sa pangingibang bansa;

X. OWWA – tumutukoy sa *Overseas Workers Welfare Administration;*

XI. PESO – tumutukoy sa *Public Employment Service Office*, isang *non-free charging multi-employment service facility* na inakredit ng DOLE sa mga *Local Government Unit, State Universities and Colleges, mga Non-Government Organizations at Community-based Organizations* alinsunod sa Batas Republika Blg. 8759 o mas kilala sa taguring '*PESO Act of 1999*', at ang tuntunin at regulasyon nito';

*XII.* TESDA – tumutukoy sa *Technical Education and Skills Development Authority;*

XIII. *UNDOCUMENTED FILIPINOS*:

a. Ang mga kumuha ng kanilang *passports* sa pamamagitan ng panloloko at maling representasyon;

b. Ang mga may hawak ng *expired visas* o *permits* upang manatili sa bansa;

c. Ang mga taong walang *travel documents* o kung ano pa man;

d. Ang mga mayroong balido ngunit hindi angkop sa *visas*.

**SEKSYON 3. - MGA TANGGAPAN AT MGA TUNGKULIN.**

A. Ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos, sa pamamagitan ng PESO, ang siyang mangungunang Tanggapan para sa *Malolos City Overseas Migrant Workers Help Desk*, sa ilalim at patnubay ng Punong Lungsod.

1. Ang *Malolos City Overseas Migrant Workers Help Desk Coordinating Council* ay bubuuin ng mga sumusunod:
   a. Tagapangulo ng Lupon ng Paggawa at Empleyo bilang *Chairperson;*
   b. Kinatawan mula sa *Public Employment Service Office (PESO);*
   c. Kinatawan mula sa *City Social Welfare and Development Office (CSWDO);*
   d. Kinatawan mula sa *City Legal Office;*
   e. *Focal Person* bilang *Office-in-Charge* o *Manager* na itatalaga ng Punong Lungsod.

2. Gampanin at Tungkulin ng *Malolos City Overseas Migrant Workers Help Desk Coordinating Council :*
   1. Mangunguna sa pagkalap ng talaan ng mga *Overseas Migrant Workers* na mula sa iba't ibang barangay;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS R. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. [illegible] R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. ANTONIO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. [illegible]
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

2. Gagawa ng programa/ proyekto para sa kaalaman, karapatan at mga suliranin ng mga kababayang *Migrant Workers;*
3. Magbibigay ng ayuda sa pamilya ng *OFW* sa Lungsod ng Malolos at magiging gabay sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang ahensya ng gobyerno, maging sa mga pribadong sektor na siyang tutulong sa mga *Overseas Migrant Workers* higit sa oras ng suliranin;
4. Paggawa ng isang database na naglalaman ng Master List ng mga OFW na naninirahan sa Lungsod ng Malolos, pag-uuri base sa kanilang trabaho, kategorya ng trabaho, katayuang sibil, kasarian, bansa o estadong pupuntahan, kasama ang visa classification, pangalan, tirahan, at numero ng employer;
5. Protektahan ang mga aplikante laban sa mga *illegal recruiter;*
6. Pagbibigay ng mga legal na serbisyo na nakakaapekto sa kapakanan ng mga OFWs at ng kanilang pamilya;
7. Pangunahan ang pagbuo at paggabay sa gampanin at gawain ng Overseas Migrant Workers Help Desk sa bawat barangay sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Punong Lungsod; at
8. Magkaroon ng talaan ng mga lehitimong ahensya na nagpapaalis patungo sa ibang bansa.
9. Pagsasagawa ng malawakang pagpapakalat ng mga impormasyon laban sa mga *illegal recruitment* kasama na ang pagbibigay ng impormasyon sa mga Malolenyo sa magiging OFW Desk sa buong Lungsod sa pamamagitan ng *City Information Office.*
10. Pakikipag-ugnayan sa TESDA para sa pagbibigay ng iba pang serbisyo sa mga OFWs katulad ng *pre-departure* at *pre-employment trainings* at *anti-illegal recruitment seminars;*
11. Pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng PESO at CSWDO sa DFA, DOLE, DMW, NRCO, DTI, OWWA, TESDA at iba pang kinakailangang serbisyo mula sa mga *Non-Government* at *Community-based Organizations* at *People's Organization* para sa mga OFWs at kanilang mga pamilya;

*B.* Ang bawat Pamahalaang Barangay na nasasakupan ng Lungsod ng Malolos ay magbubuo rin ng isang *Barangay Overseas Migrant Workers Help Desk.*

1. Ang Punong Barangay ang siyang magtatalaga ng *Barangay Overseas Migrant Workers Help Desk Officer* mula sa kawani at opisyal ng Pamahalaang Barangay.
   1.1 Gampanin at Tungkulin ng isang *Barangay Overseas Migrant Workers Help Desk Officer :*
   1.1.1 Sasailalim sa oryentasyon at pagsasanay mula sa *PESO Officer* upang maging maalam sa kaniyang mga gampanin at tungkulin;
   1.1.2 Mangunguna sa pagkalap ng talaan ng mga *Overseas Migrant Workers* sa kaniyang nasasakupang barangay;
   1.1.3 Magsasagawa ng programa o' proyekto para sa kaalaman, karapatan at mga suliranin ng mga kababayang *Migrant Workers;*
   1.1.4 Magbibigay ng ayuda sa pamilya ng OFW sa barangay, at maging gabay sa pakikipag-ugnayan sa *Malolos City Overseas Migrant Workers Help Desk* sa ilalim ng pamamahala ng *PESO*, na siyang makakatulong sa mga *OFW* higit sa oras ng suliranin;
   1.1.5 Magkaroon ng talaan ng mga lehitimong ahensya na nagpapaalis patungo sa ibang bansa.

2. Pagbuo ng *Barangay Overseas Migrant Workers Association.*

   2.1 Ang bawat Barangay ay kinakailangang magbuo at mag-organisa ng isang samahan ng mga OFW at/o kanilang miyembro ng pamilya, na bubuuin ng mga sumusunod:

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

*1.1 Pangulo*
*1.2 Pangalawang Pangulo*
*1.3 Kalihim*
*1.4 Ingat-Yaman*
*1.5 Tagapag-ugnay*

2.2 Kwalipikasyon

*2.1 Kasalukuyang OFW;*
*2.2 Kapamilya ng OFW (Asawa, Magulang o' Anak);*
*2.3 Dating OFW; at*
*2.4 Balikbayan, kasalukuyan o dating naninirahan sa ibang bansa.*

**SEKSYON 4. - TANGGAPAN** - Ang *Malolos City Overseas Migrant Workers Help Desk* ay magkaroon ng tanggapan sa *Public Employment Service Office (PESO)* sa Lungsod ng Malolos, na mayroong *Officer-In-Charge / Manager* bilang *focal person* na gaganap sa araw-araw nitong aktibidad. Habang ang mga *Barangay Overseas Migrant Workers Help Desk* ay magkakaroon ng Tanggapan sa bawat *Barangay Hall* sa Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 5. - PAGLALAAN NG PONDO.**

A. Ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay maglalaan ng halagang Isang Milyong Piso (₱1,000,000.00) bawat taon na magmumula sa Tanggapan ng Punong Lungsod sa ilalim ng *Grants and Donations (Aid to OFW)* na gagamitin lamang sa gawain at programa, gaya ng mga sumusunod:
   1. Pagpapalawig sa kaalaman at karapatan ng OFW at kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng posters, flyers o' iba pang gamit pandagdag kaalaman;
   2. Suporta sa mga pagsasanay ng mga itatalaga sa Tanggapan ng PESO at sa mga OFW Help Desk Officer ng bawat Barangay;
   3. Kagamitan sa Tanggapan ng PESO para sa mga komunikasyon, transportasyon, patungo sa iba't ibang lugar sa loob o labas ng Lungsod.

B. Ang Pamahalaang Lungsod ay maglalaan ng karagdagang halaga sa pondo na nagkakahalaga ng Isandaang Libong Piso (₱100,000.00) para sa processing fee at mga gastusin sa paglalakad ng mga papeles na gagamitin ng mga OFW na naging biktima ng pang-aabuso at hindi makataong pagtrato ng mga kanilang mga *employer*.

C. Ang paggamit ng mga nasabing halaga ay dadaan sa tamang proseso ng pagtutuos at pagsusuring pampamahalaan (*Proper Government Accounting and Auditing Procedures*).

**SEKSYON 8. - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY** - Ang anumang bahagi o probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o anumang bahagi o probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 9. - KABISAAN** - Ang Kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. PATRICK E. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
Pang. Punong Lungsod – Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
AUG 2 3 2023
**Petsa ng Pagtitibay**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08152023